Lakad, Awit, at Panalangin Para kay Kristo
(God's Young Servants 2nd Anniversary)



Kakaibang pagdiriwang ng anibersaryo ang ginawa ng God's Young Servants (Youth Ministry ng NCF Banaba) noong ika - 23 ng Enero 2011. Humigit kumulang sa limampung kabataan ang sumama sa paglalakad at pananalangin sa buong Greenfields I Novaliches Quezon City. Layunin ng gawaing ito ang maipakilala ang gawain ng Diyos at makapaghasik ng buto sa pamamagitan ng pananalangin. Sinimulan ang programa sa pamamagitan ng awitan na pinangunahan nina Ola Maluya, Raymond Barco, at Ivy Geanga at matapos nito ay nagbigay ng hamon si Ptr. Albert sa lahat ng kabataan mula sa Joshua Chapter 6.

Sa kwentong ito, binigay ng Diyos ang Jericho sa pamamagitan lamang ng lakad, awit, panalangin, at sigaw ng mga sumasampalataya sa Kanya. "Isang araw mamamayagpag sa buong Greenfields ang gawain ng Diyos para sa mga kabataan, at ang unang hakbang para sa araw na yun ay NGAYON!" Ito ang ilan lamang sa binanggit ni ptr. Albert. "NGAYON ibinibigay na sa atin ng Diyos ang Greenfields…" dagdag pa niya. Matapos ang kanyang pananalangin, lumabas na ang mga kabataan dala-dala ang tracks at mga posters.

Bawat madaanan ay napapatingin sa pila ng mga kabatang nag aawitan at nananalangin. Matapos ang isang makabuluhang lakad, bumalik na nag mga kabataan sa "KAMPO" upang ipagpatuloy ang kasiyahan at kainan. Sa kabuuan, naging maayos at matagumpay ang programa at ito ay tinapos sa pangako na uulitin muli ang nasabing gawain. Patuloy naming yayanigin ang buong Greenfields tapos ang buong Novaliches para sa kapurihan ng Diyos! Maniwala kayo! Nagpapasalamat kami sa JFCC at Moriah Evangelical Church sa kanilang pakikibahagi sa napaka makabuluhang gawaing ito. To God be the Glory!